| | |
|---|---|
| JANUARY | Makugihon |
| FEBRUARY | Mahigugmaon |
| MARCH | Matinabangon |
| APRIL | Matinahuron |
| MAY | Mahapsay og Malinyo |
| JUNE | Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras |
| JULY | Maantigo og Maabilidad |
| AUGUST | Maginhunahunaon para sa Uban |
| SEPTEMBER | Madaginoton |
| OCTOBER | Matinud-anon |
| NOVEMBER | Masaligan |
| DECEMBER | Maalampuon |


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Edukasyon sa Pagpapkatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
## Kapuwa ko! Igalang ko!



Pangalan ng Mag-aaral:_______________________________

Baitanga at Pangkat:_______________________________

Paaralan:_______________________________



**Alamin**

Sa mundo na ginagalawan natin, ang bawat tao ay may angking katangian, ito ay nagdudulot sa kaayusan at kapayapaan sa ating lipunan. Ang Paggalang at Pagpapahalaga sa kapuwa -tao. Sa murang edad mo ngayon, sapat na ba ang pagtugon ng salitang 'Po' at 'Opo' upang maipapakita ang paggalang sa ating kapuwa- tao? Sapat na ba nabigyan mo ng regalo ang tao, ito na ba ang tugon na nagpapakita ka sa kanya ng pagpapahalaga sa kapuwa mo? Hindi lang mayaman ang galangin mo. Mahirap, matanda o kahit bata sila ay may damdamin na nasasaktan.

Maraming paraan ang pagpapakita ng Paggalang sa kapuwa-tao, ilan dito ang paghingi ng tawad sa taong nasasaktan, nagpapasalamat sa taong pumuri sa aking pagbati sa bago kong kamag-aral. At ang pagpapahalaga sa ating kapuwa maraming paraan lalo na ngayon sa kanilang pangangailangan sa panahon ng kahirapan. Madalas na nangyari ng kalamidad tulad ng bagyo, baha, lindol. Ang pagdamay sa ibang tao sa panahon ng kalungkutan at sa panahon na pangangailangan nila ng karamay dapat bigyang halaga. Sa kabila ng paghihirap at pagdurusa makikisilip tayo ng pag asa dahil likha tayo ng lahat ng ating Panginoong Diyos.

Sa modyul na ito, inasahang:

1. Natutukoy ang mga paraan sa pagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kapuwa-tao.
2. Nabibigyang halaga ang ating kapuwa-tao sa pamamgitan ng pagtugon sa pangangailangan sa panahon ng kahirapan.
3. Nakakabuo ng isang pangako na nagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kapuwa-tao.

**EsP4PD – Iva-c-10**



## Subukin

**Panuto:** Basahin at suriin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Iguhit ang hugis PUSO sa patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang at hugis BILOG naman kung hindi.

__________1. Pinagtawanan ni Lito ang nakasalubong niyang pilay .

__________2. Si Jane ay madalas makinig at makisali sa usapan ng mga nakakatanda o sa ibang tao .

__________3. Pinakialaman ni Lyka ang *cellphone* ni Jessica nang hindi nagpapaalam.

__________4. Ginagaya at ginagawang katatawanan ng mga bata ang paglakad nang marahan ng Lolo at Lola.

__________5. Pinaupo ni Andy sa kanyang upuan ang matandang Ale na kasama niyang nakasakay sa dyip.

__________6. Hindi pinakinggan ni Ashley ang opinyon ng kaniyang mga kasamahan.

__________7. Nagmamano ang mga bata sa matatanda .

__________8. Binubully ni Arniel ang kanyang kamag –aral dahil maitim ang kulay ng balat nito.

__________9. Pinangalanan ni Franklin ang kanyang kamag-aral kung ano-ano dahil kakaiba ang hitsura at kilos.

_________10. Naipapakita ko ang paggalang sa aking kapuwa sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng nais niyang gawin kabilang na ang pagliban sa klase.

**Modyul 1**

# Paggalang sa kapuwa – tao.



## Balikan

**Gawain: ( Punan mo ako ! )**

**Panuto**: Punan ng titik ang mga kahon upang mabuo ang tamang salitang binibigyan ng kahulugan. Isulat sa kahon na walang laman ang mga kasagutan.

1. Kalimitang sinasabi kapag may natanggap na biyaya.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | G | P | A | | A | S | | L | A | | A | T |

2. Ito ay ating sinasagot kung nagsasalita ang kausap.

| | | |
|---|---|---|
| O | P | |

3. Ginagawa natin kung nagustuhan ang isang bagay upang ibigay sa iyo.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | | M | I | | I | | G | |

4. Pagsaludo o respeto sa mga nakatatanda at mga kilalang tao.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | G | G | | | A | | |

5. Tradisyonal na gawain bago umalis at dumarating sa bahay.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | G | M | | M | A | N | |



## Tuklasin

**Gawain: Kilatisin mo ako!**

**Panuto:** Basahin at sagutin ang sumusunod sa pamamagitan ng paglagay ng tsek ( / ) na angkop para sa iyo..

| | Palagi | Paminsan -minsan | Hindi ko Ginagawa |
|---|---|---|---|
| 1.Tinatanggap ko ang mga negatibong puna ng maluwag sa aking kalooban | | | |
| 2. Hindi ako nag-iingay kapag alam kong may natutulog pa sa bahay. | | | |
| 3.Hindi ako gumagamit ng mga salitang nakakasakit sa damdamin ng aking kapuwa. | | | |
| 4.Sumisingit ako sa mahabang pila sa pag –igib ng tubig. | | | |
| 5.Nakikinig ako sa aming guro habang siya ay nagpapaliwanag sa aming aralin. | | | |
| 6.Humihingi ako ng tawad kapag nakagawa ako ng pagkakamali sa aking kapuwa. | | | |
| 7.Pagtawa sa kamag- aral na may kapansanan sa pagsasalita. | | | |
| 8.Nanunukso ako sa aking kaklase. | | | |
| 9.Namimintas ako sa mga gamit ng iba. | | | |
| 10.Nagtatakip ako sa aking bibig kapag umuubo,bumabahing, o humihikab. | | | |



## Suriin

Sa bahaging ito, basahin at unawain mo ang tula tungkol sa Paggalang at pagpapahalaga sa kapuwa - tao.

**Kapuwa ko! Igalang ko!**

**I.**

Paggalang sa kapuwa – tao, kagigiliwan kayo!
Hindi porke mayaman o sikat gagalangin mo
Pati mahirap, matanda o bata man
Ating mapahalagahan ang kapuwa-tao

**II.**

Magmamano sa nakakatanda
Magpapasalamat kahit anuman
Humingi ng tawad sa taong nasaktan
Mamimigay ng tulong sa mga nanganagilangan

**III**

Tumawag ako ng kapuwa gamit ang kanyang pangalan
Sumagot ng ‘po’ at ‘opo’ kung tanungin at makinig sa opinyon
Para walang masasaktan at magkagagalitan
Para sa ikahuhusay sa buong pamayanan

**IV**

Ating buhay hindi para sa sarili, ihandog natin
Sa kapuwa o sa buhay sa kanyang likha
Kung gayon, pananagutan natin na mahalin,
Igalang at pahalagahan ang kapuwa natin

Sagutin ang mga tanong

1. Ano ang nais ipahiwatig ng tula?

_____________________________________________________________
_____________________________________________________________
_____________________________________________________________
____________________________________________________________.

2. Bakit kailangan nating pahalagahan ang paggalang sa kapuwa-tao?

_____________________________________________________________
_____________________________________________________________
_____________________________________________________________
____________________________________________________________



## Pagyamanin

Ang pagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kapuwa-tao ay nagbibigay ng paraan para sa kabutihan kaayusan at sa ikauunlad sa iyong pagkatao at sa iyong pakikipagkapuwa.

**Patnubayang Gawain 1 (Sino ang Tama )**

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung wasto ang isinasaad sa pangungusap. **MALI**, naman kung ito ay hindi.

_________1. Nagmamano_ako_sa nakatatanda.
_________2. Sisigaw_ ako ng 'Po' at 'Opo' kapag may magtatanong sa akin.
________ 3. Humihingi ako ng patawad sa taong nasasaktan ko.
_________4. Pagmamaltrato_sa kapuwa-tao kinagigiliwan kayo.
_________5. Gagamitin ko ang salitang kahit ano_kapag tumawag ako sa aking kapuwa-tao.



## Isaisip

**Gawain: ( Hakbang ko! Pansinin ko! )**

**Panuto:** Sagutin ang tanong. Isulat ang sagot sa ladder web.

**Paano mo maipapakita o maipadama ang paggalang at pagpapahalaga sa kapuwa-tao.**

1.

2.

3.


4.



# Isagawa

**Gawain : (Pangako ! Tutuparin ko!)**

**Panuto:** Bumuo ng isang Pangako na magpapakita ka nang palaging Paggalang at Pagpapahalaga sa Kapuwa- tao. Isulat ang iyong pangako sa hugis puso.



Narito ang Rubrik sa Pagbuo ng Pangako.

| Kraytirya | Napaka husay (4) | Mahusay (3) | Hindi Gaano ng Mahus ay (2) | Kaila ngang Magsana y (1) | Marka |
|---|---|---|---|---|---|
| 1.Ang pangako ay tungkol sa Paggalang sa Kapuwa-tao | | | | | |
| 2.Maikli ngunit malaman | | | | | |
| 3.Maayos ang ginawang paglalahad sa pangako | | | | | |
| Kabuuang Marka | | | | | |



# Tayahin

**Panuto:**. Tukuyin ang pangungusap kung ito ay nagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kapuwa-tao. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng paggalang sa kapuwa-tao?
   A. Kinutya ni Rolando ang batang may kapansanan.
   B. Namimintas si Marco sa pananamit ng kaniyang kapitbahay.
.  C. Tinatawag ni Michael ang tunay na pangalan ng kanyang kamag-aral
   D. Hindi pinansin ni Jamaica ang kanyang kamag-aral dahil maitim ang kulay ng balat

2. Anong kaugalian ang maipapakita sa pagtanggap sa pagkakaiba ng

pagkatao, kaugalian, at paniniwala sa iyong kapuwa?

A. pagkamagalang C. pagkamahahabagin

B. pagkamatapat D. pagkamatulungin

3. Alin sa sumusunod ang hindi nagpapamalas ng pagpapahalaga sa ating kapuwa?

A. Pagbabahagi ng pagkain sa walang makain.

B. Umaakay sa mga matatandang tumatawid sa lansangan.

C. Pagbibigay ng tulong sa mga piling nasalanta ng bagyo.

D. Pinakikitunguhan ang mga taong may kapansanan tulad ng pakikitungo ko sa iba.

4. Sa isang patrol , hindi maiwasan ang pagtungali ng mga ugali at opinyon ng mga Boy Scout .

Bilang isang patrol lider ano ang gagawin mo?

A. Pagalitan ko sila sa harap ng mga tao upang makilala nila ako.

B. Isusumbong ko sila sa aming guro upang sila ay mapapagalitan.

C. Ipaalam ko sa kanilang mga magulang ang kanilang masamang ugali.

D. Igalang ang kanilang opinyon, kausapin at ipaunawa ang halaga sa pagkakaisa

5. Bilang isang Boy Scout, paano mo maipakita o maipadama ang paggalang at pangangalaga sa kapuwa?

A. Tutuksuhin ko ang aking kasamahan.

B. Makipag-unahan sa pila.

C. Pintasan ko ang kanilang pananamit.

D. Tawagin ang wastong pangalan.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat o gumawa ng isang slogan tungkol sa kahalahagahan ng pagbibigay galang sa kapuwa. Gawing gabay ang pamantayan sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

| **Pamantayan** | **Indikador** | **Puntos** | **Marka** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naipakita nang maayos ang konsepto sa slogan | 30 | |
| Kaangakupan ng Konsepto | Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng slogan. | 30 | |
| Pagkamapanlikha (Originality) | Orihinal ang idea sa paggawa ng slogan | 30 | |
| Kabuuang presentasyon | Malinis at maayos ang kabuuang presentasyon | 10 | |
| Kabuuan | | 100 % | |



## Sanggunian

Felamer e. Abac, et al. ,Edukasyon sa Pagpapakatao Ikaapat na baitang kagamitan ng mag-aaral Unang Edisyon 2015.

Gloria A. Peralta, Ed.D at Zenaida R. Ylarde Edukasyon sa Pagpapakatao 5 Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon. Kagamitan ng mag-aaral.

Bumuo sa Pagsulat ng Modyul

Manunulat: Leonarda M. Mangubat
Editor: Jocelyn D. Carton
Tagasuri: Rynard M. Mangubat
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D- *EPS*
Tagalapat: Mark Lester L. Abellana
Tagapamahala: Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*
Aurelio A.Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*